
## Kuwento 3 :
## Mahal ni Jesus ang mga bata

**Talata sa Bibliya**
**[Mateo 19:14]**

Pabayaan ninyong lumapit sa akin ang maliliit na bata,
at huwag ninyo silang hadlangan, sapagkat ang kaharian ng
langit ay sa mga tulad nila."

Si Hesus ay dumating sa bayan ng mga hudyo kasama ang kaniyang mga alagad upang ipangaral ang kaharian ng Diyos.
Kung nasaan si Hesus ay naroon din nagtitipon ang mga tao.
Ang iba sakanila ay mga magulang na kasa-kasama ang kanilang mga anak.
Ang mga bata ay nasasabik na makatagpo si Hesus!
iyon siya! Si Hesus ay naroon! Ang mga bata ay nagtatalunang papunta sa tabi ni Hesus.
Nakita ni Hesus ang lahat,kayat pinagsabihan niya ang mga disipulo.
"Hayaan niyong lumapit sakin ang mga bata! Huwag niyo silang hadlangan,
sapagkat sila ay nabibilang sa kaharian ng Diyos! Mga minamahal kong disipulo, sasabihin ko sainyo ang katotohanan,
kinakailangan ninyong tanggapin ang kaharian ng Diyos katulad ng isang maliit na bata! Kung hindi,
ay hindi kayo makakapasok sa kaharian ng Diyos" Malugod na tinanggap ni Hesus ang mga bata.
Hinawakan niya sila at inilapat ang kaniyang Kamay sakanila at silay pinagpala.
Sa tuwing siya ay dumarating, malugod na tinatanggap ni Hesus ang mga bata- Hindi niya iniisip na Silay
nakakaabala. Mahal niya sila at siya ay nalulugod sa kanila.





**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Saang nayon dumating si Hesus kasama ang kanyang mga alagad?

---

b. Sino ang pumigil sa mga bata na lumapit kay Hesus?

---

c. Basahin ang Mateo 19:13 at sagutan. Ano ang gustong gawin ng mga magulang sa kanilang anak ng dalhin nila Ito kay Hesus?

---

- **Basahin at Isaulo ang talata ng Bibliya. (Mateo 19:14)**

**Sinabi ni Hesus, "Hayaan nyo na lumapit ang mga bata saakin, huwag nyo silang hadlangan."**

**Gawain 2.**

Aling paraan ang dapat piliin ng mga bata para makilala si Hesus?
Pumili ng isang numero mula 1–6 na magbibigay–daan sa iyong makilala si Hesus.
Lumiko mula kaliwa pakanan at kapag nakatagpo ka ng patayong linya, pataas o pababa hanggang sa makilala mo si Hesus.

